# Female inmates sa QC may maayos at maluwag ng kulungan

Tinupad ni QC Mayor Joy Belmonte ang kanyang pangako na mabigyan ng mas maayos at maluwag na bilangguan para sa mga kababaihang preso ng QC Women's Dormitory sa loob ng Kampo Karingal.

Makaraang iturn-over na ng QC government kahapon ng umaga sa pamunuan ng Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) ang apat na palapag na dormitoryo para sa mahigit 1,000 mga babaeng bilanggo.

Bunga nito, higit na komportable ang mga Person Deprive Liberty (PDL) sa bago nilang kanlungan na may mga bagong malalambot na higaan, maayos na palikuran, kusina, maayos na bentelasyon at lugar ng dalaw ng kanilang mga kaanak.*-Angie dela Cruz-*